Mga coronial na imbestigasyon - Impormasyon para sa pamilya at mga kaibigan

Ang Coroners Court of Queensland (CCQ) ay independiyenteng nag-iimbestiga ng mga kahina-hinalang pagkamatay.

Nauunawaan namin na ito ay isang nakakabalisa at nakakalulang panahon para sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan. Ipinapaabot namin ang aming pakikiramay sa kanyang pagkamatay.

Hinihikayat ka namin na gamitin ang gabay na ito sa loob ng buong proseso.

Nilalayon naming kumpletuhin ang mga imbestigasyon nang mabilis hangga't maaari, gayunpaman, ang tagal ng imbestigasyon ay magdedepende sa ilang mga ibat-ibang mga bagay, kabilang ang maaaring pagkakomplikado ng kaso.

Bakit nagkakaroon ng imbestigasyon?

Ang Coroners Act 2003 (Coroners Act) ay nag-aatas na ang ilang mga pagkamatay ay kailangang mai-report sa Queensland coroner para maimbestigahan (mga kahina-hinalang pagkamatay).

Ang layunin ng isang coronial na imbestigasyon ay upang mapatunayan ang mga katotohanan kagaya ng:

- ang pagkakakilanlan ng namatay na tao
- kailan at saan siya namatay
- paano siya namatay, at
- ang medikal na sanhi ng pagkamatay.

Hindi naninisi ang coroner o tumutukoy ng pananagutang kriminal o sibil. Siya ay nakatuon sa:

- pagsusuri sa mga pangyayari na humantong hanggang sa pagkamatay
- anumang mga pagkukulang na umambag sa pagkamatay
- kung maaaring nahadlangan ang pagkamatay ng tao

Sa ilalim ng Coroners Act, may awtoridad ang coroner na imbestigahan at kumuha ng impormasyon mula sa sinumang tao o ahensya na itinuturing nila na maaaring makatulong sa imbestigasyon.

Kabilang sa kailangang mai-report na mga pagkamatay ang mga sumusunod:

Marahas o hindi pangkaraniwang pagkamatay

Kabilang sa mga pagkamatay na ito ang:

- pagpatay sa kapwa
- insidente sa transportasyon (halimbawa, sa kotse, himpapawid, tren, dagat)
- namatay sa lugar ng trabaho
- pinaghihinalaang nagpakamatay
- pagkahulog, pagkalunod, pagkalantad sa panahon (weather)
- pagkalason sa droga o alak.

Ang mga ito ay dapat maimbestigahan kahit na may pagkaantala sa pagitan ng insidente at ng pagkamatay kung itinuturing na ito ay sanhi o dahilan ng pagkamatay.

Kahina-hinalang pagkamatay

Karaniwan, ito ay kung saan:

- sinususpetsa itong pagpatay sa kapwa
- hindi malinaw kung may iba pang kasangkot sa pagkamatay

Kung may isinampang mga sakdal na kriminal kaugnay sa pagkamatay, maaaring maantala ang coronial na imbestigasyon hanggang maresolba ang mga paglilitis na iyon.

Pagkamatay na kaugnay sa health care (pangangalagang pangkalusugan)

Ang isang pagkamatay ay hindi awtomatikong kailangang mai-report sa coroner dahil nangyari ito sa isang lugar sa pangangalaga ng kalusugan . Ang isang pagkamatay ay kaugnay sa sa pangangalaga ng kalusugan kapag:

- ito ay hindi inaasahang kalalabasan ng sa pangangalaga ng kalusugan nangyari ito dahil sa isang pagkukulang o pagkaantala na madiyagnos at/o magamot nang angkop.

Ang mga pamamaraan ng health care ay maaaring kabilangan ang mga pamamaraan sa dental, medikal, surgical at diyagnostic, at mga iba pa.

Kung ikaw ay may mga pag-aalala tungkol sa pangangalagang ibinigay sa taong namatay kahit na ang pangangalaga ay hindi direktang naging sanhi ng pagkamatay, maaari kang makipag-ugnayan sa Office of the Health Ombudsman (Tanggapan ng Ombudsman para sa Kalusugan).

Pagkamatay habang nasa ilalim ng pangangalaga

Ang mga pagkamatay ng mahihinang tao sa mga partikular na lugar ng pangangalaga ay kailangang mai-report, kahit na ang tao ay namatay dahil sa mga likas na sanhi. Kabilang dito ang:

- mga taong may kapansanan
- mga taong may karamdamang pangkaisipan
- mga bata na sumasailalim sa interbensyon para sa kaligtasan ng bata.

Sa ganitong mga kaso, maaaring humantong ang imbestigasyon sa isang inquest (imbestigasyon sa pagkamatay) kung mayroong mga pag-aalala tungkol sa ibinigay na pangangalaga. Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa factsheet na Deaths in Care (Mga Pagkamatay habang nasa Pangangalaga): https://www.coronerscourt.qld.gov.au/about-our-court/reportable-deaths

Pagkamatay habang nakabilanggo o habang may nagaganap na operasyon ng pulisya

Dapat magkaroon ng coronial inquest para sa lahat ng pagkamatay – kahit na likas (natural) ang sanhi ng mga ito – kung ito ay nangyari:

- habang nasa pangangalaga ng pulisya o nasa bilangguan
- habang pinipigilan ng imigrasyon
- habang nagtatangkang tumakas sa pagkabilanggo

Kung ang isang tao ay namatay habang may nagaganap na mga operasyon ng pulisya, gaya ng pagpapakamatay habang naroon ang mga pulis, pagpapasyahan ng coroner kung kailangan ng isang inquest.

Hindi nag-isyu ng sertipiko ng pagkamatay

Kung ang sanhi ng sertipiko ng pagkamatay ay hindi maaaring gumawa ng isang doktor, ang pagkamatay ay dapat mai-report sa amin. Kung, sa pagrepaso, maaaring matukoy ng isang doktor ang sanhi ng pagkamatay, magpapasya kami kung naaangkop na maglabas sertipiko sa sanhi ng pagkamatay.

Sinususpetsang pagkamatay (mga taong nawawala)

Ang pag-report ng taong nawawala ay karaniwang ginagawa sa pulisya ng pamilya o mga kaibigan. Kung ang pulisya ay may dahilan upang paniwalaan na ang tao ay namatay, dapat nilang i-report ang sinususpetsang pagkamatay sa amin para maimbestigahan ito.

Sino ang kasangkot sa imbestigasyon?

Coroners Court of Queensland

Kami ang namumuno sa imbestigasyon, na nakikipagtulungang mabuti sa aming mga katuwang na ahensya, pulisya at kalusugan, upang patunayan ang mga katotohanan sa pagkamatay.

Ang ilang mga pagkamatay na ini-report sa amin ay nirerepaso muna ng isang Coroner Registrar, kagaya kung:

- ang mga pagkamatay mula sa isang malinaw na likas na sanhi ay ini-report ng pulisya
- humihingi ng payo ang mga medikal propesyonal kung kailangang mai-report ang isang pagkamatay.

Sa ilang mga kaso, maaari itong mapunta sa isang coroner upang gawan pa ng karagdagang imbestigasyon.

Queensland Police Service

Dumadalo ang pulisya sa pinangyarihan ng halos lahat ng mga marahas at hindi pangkaraniwang pagkamatay. Ang dumadalong mga pulis ay:

- magbibigay ng pangunang report sa coroner
- tutulong na tukuyin ang pagkakakilanlan ng namatay na tao kung kailangan
- magsasaayos ng pangunang pagdadala ng namatay na tao sa isang morge
- magbibigay ng impormasyon tungkol sa pagsasauli ng mga ari-arian

Ang mga Pulis mula sa Queensland Police Coronial Support Unit ay tumutulong at sumusuporta sa coroner.

Forensic Pathology and Coronial Services (FPaCS)

Ang mga Forensic Pathologist, forensic na nars at mga tagapayo at iba pang mga espesyalista ay nakikipagtulungang mabuti sa amin at mga pulis upang magbigay ng mga coronial na serbisyo.

Ang FPaCS ay nagbibigay ng isang hanay ng mga medikal na pagsusuri upang matukoy ang sanhi ng pagkamatay, kabilang ang:

- mga pangunang pagsusuri na non-invasive (walang sugat)
  - panlabas na pagsusuri ng katawan
  - pagrebyu ng mga medikal na record
  - pagkolekta ng mga sample ng dugo at ihi
  - pag-CT scan ng buong katawan
- Mas invasive na pagsusuri kabilang ang bahagya o buong pag-autopsya sa loob ng katawan na maaaring magresulta sa pagliligpit ng organo para sa espesyalistang pagsusuri.

  Dapat isaalang-alang ng coroner ang anumang mga pagtutol ng pamilya bago mag-utos ng isang masusing pagsusuri o pagpapanatili (pagliligpit) ng organo.
- toxicology
- histology
- forensic dentistry
- neuropathology

Depende sa uri ng medikal na pagsusuri na iniutos ng coroner, ang report ng forensic pathologist ay maaaring tumagal nang ilang buwan para makumpleto.

Sa lahat ng oras, ang namatay na tao ay tinatrato nang may paggalang at dignidad.

Coronial Family Services (CFS)

Sinusuportahan ng CFS ang mga pamilyang naapektuhan sa pagkamatay ng tao sa ilalim ng coronial na imbestigasyon. Maaari silang makipag-ugnay sa iyo sa mga pangunang yugto ng isang coronial na imbestigasyon.

Ang aming pakikipag-ugnayan sa pamilya

Ang salitang 'miyembro ng pamilya' ay may tiyak na kahulugan sa Coroners Act.

Habang ang coroner ay maaaring magpahintulot sa mahigit isang miyembro ng pamilya upang mahirang na isang kontak sa panahon ng proseso ng imbestigasyon, higit na mabuting humirang ang pamilya ng isang tao lamang bilang pangunahin naming kontak, na siyang magbabahagi ng mga update sa ibang miyembro ng pamilya.

Maaaring humirang ng abugado ang pamilya para kumatawan para sa kanila at/o maging pangunahin naming kontak sa panahon ng imbestigasyon.

Kung magkakaroon ng hindi pagkakasunduan ng pamilya, may partikular na order of seniority (pagkakasunud-sunod ayon sa katandaan) na nakasaad sa Coroners Act para sa mga miyembro ng pamilya.

Ang pagkilala ng coroner ng isang indibidwal bilang isang miyembro ng pamilya ay hindi nangangahulugan ng opisyal na ligal na pagkilala para sa anumang iba pang layunin, kagaya ng isang usapin sa ari-arian.

Upang matiyak na mapapanatili namin na mabigyan ka ng update tungkol sa progreso nito, mahalagang abisuhan mo kami ng anumang pagbabago sa mga detalye ng pagkontak sa iyo.

Mga pamilyang First Nations

Kami ay nakatuon sa pagtataguyod at pagsasagawa ng mga sensitibo sa kultura at angkop na gawi. Ang mga pamilya ay inaanyayahang magbahagi nang maaga sa imbestigasyon ng anumang konsiderasyong pangkultura o kinship, upang matiyak na ang kanilang mga pangangailangan ay maisasaalang-alang.

Nagsisikap kaming tiyakin na ang impormasyon para sa mga pamilya ay ibinibigay sa isang paraan na ligtas at magalang sa kultura.

Ang paglalabas ng impormasyon

Magpapasya ng coroner kung ang coronial na impormasyon ay ilalabas at kung kanino.

Ang mga paghiling para sa hindi nailathalang mga coronial na dokumento ay dapat isumite nang pasulat sa CCQ (maaaaring kailanganin ang patunay ng pagkakakilanlan).

Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa www.coronerscourt.qld.gov.au/resources/accessing-coronial-documents

Maaari ba akong magsaayos sa pagpalibing?

Maaaring simulan ng pamilya ang pag-aayos ng paglilibing habang nagaganap ang imbestigasyon.

Makikipagtulungan sa amin at sa morge ang napili ninyong funeral director tungkol sa proseso ng paglilibing. Ang namatay na tao ay ililipat sa funeral director kapag nakumpleto na ang pangunang pagsusuri, at tinanggap na ng coroner ang sanhi ng pagkamatay.

Funeral Assistance Scheme

Sa pamamagitan ng aming Funeral Assistance Scheme (Sistema ng Tulong sa Paglilibing), maaari kaming magsaayos ng paglilibing para sa mga taong namatay sa Queensland kung walang natukoy na miyembro ng pamilya na handa o kayang sagutin ang mga gastusin sa pagpalibing.

Mayroong mga kinakailangan sa pagiging marapat upang maging kwalipikado para sa sistemang ito. Sa ilang mga kaso, ang halaga ng mga serbisyo sa pagpalibing na ibinigay sa ilalim ng sistema ay maaaring mabawi mula sa mga pondo sa ari-arian ng namatay na tao.

Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa aming website www.coronerscourt.qld.gov.au/for-families/funeral-assistance-scheme

Para sa tulong sa pag-aplay, kontakin ang inyong lokal na Magistrates Court. https://www.courts.qld.gov.au/contacts

Pagkuha ng sertipiko ng pagkamatay

Sa sandaling tanggapin ng coroner ang medikal na sanhi ng pagkamatay, aabisuhan ang Registry of Births, Deaths and Marriages (RBDM).

Upang kumuha ng kopya ng sertipiko ng pagkamatay, naaari mong:

- kontakin nang direkta ang RBDM www.qld.gov.au/rbdm
- makipag-ayos na makakuha ng kopya sa pamamagitan ng inyong funeral director.

Kung ikaw ay nabigyan ng isang pansamantalang sertipiko ng pagkamatay habang hindi pa nalalaman ang sanhi ng pagkamatay, maaari mo itong isauli sa RBDM at kumuha ng libreng na-update na bersyon.

Magkakaroon ba ng coronial inquest?

Sa karamihan ng mga kaso, natatapos ang imbestigasyon sa mga kailangang mai-report na pagkamatay nang hindi nagkakaroon ng inquest kapag ang nakasulat na natuklasan ng coroner ay nailabas. Ito ay isang opisyal na dokumento tungkol sa pagkamatay. Ang mga natuklasang ito ay maaaring ilathala sa website ng korte kung ang paglalahatla nito ay nasa kapakanan ng publiko.

Kung nais ng coroner na ilathala ang mga natuklasan na labas sa inquest, kukunsultahin ang pamilya. Kapag pinag-iisipan ang paglalathala ng mga natuklasan, maaaring alisin ng coroner ang pangalan ng namatay na tao.

Sa ilang mga pangyayari, maaaring magpasya ang coroner na kailangang magkaroon ng inquest. Ang inquest ay isang pagdinig sa korte.

Ito ay hindi isang paglilitis at hindi:

- kasangkot ang isang jury
- tumutukoy ng pagkakasala o pananagutang-sibil.

Magdaraos ang coroner ng isang inquest kung:

- ito ay iniutos ng batas
- ito ay napagpasyahan na para sa kapakanan ng publiko, na maaaring mangyari kung:
  - may malaking pagdududa tungkol sa sanhi at mga pangyayari sa pagkamatay
  - ang mga rekomendasyon na kaugnay sa pagkamatay ay maaaring makakahadlang sa mga pagkamatay sa hinaharap
  - ang mga rekomendasyong kaugnay sa pagkamatay ay nagsiwalat ng mga isyu na umaapekto sa pampublikong kalusugan at kaligtasan o sa pangangasiwa ng katarungan.

Ang mga inquest ay karaniwang bukas sa publiko at sinumang interesadong tao ay makakadalo, na ang lahat ng mga detalye ay nakalathala sa aming website.

Pagkatapos ng isang inquest:

- ang mga natuklasan ng coroner ay ilalathala sa aming website
- ipapadala ang anumang mga rekomendasyon sa nauugnay na ahensya upang mapag-isipan ang pagpapatupad.

Ang isang miyembro ng pamilya na hindi sang-ayon sa desisyon ng coroner na hindi magkaroon ng inquest ay may karapatang humiling ng pagkakaroon nito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang aplikasyon na nagsasaad kung bakit para sa kapakanan ng publiko kung magkakaroon ito..

Kung tatanggihan ng coroner ang hiling, maaaring gumawa ng aplikasyon sa state coroner upang mag-utos ito ng isang inquest. Kung tatanggihan ng coroner ang hiling, maaaring gumawa ng aplikasyon sa state coroner upang ito ay mag-utos ng isang inquest.

Tulong na Ligal

Hindi kailangan na ang mga pamilya ay may ligal na kinatawan kapag ang pagkamatay ay iniimbestigahan ng CCQ.

Kung gusto mong kumuha ng ligal na payo, maaaring kontakin ang mga sumusunod na serbisyo:

Legal Aid Queensland

Para sa impormasyon at referral (rekomendasyon) para sa ligal na payo, at payo kung ikaw ay marapat para sa libreng tulong na ligal.

Telepono: 1300 65 11 88
Website: www.legalaid.qld.gov.au

Queensland Law Society

Para sa mga pangalan ng mga kumpanyang pambatas sa inyong pook na nagdadalubhasa sa mga inquest at coronial na batas.

Telepono: 1300 367 757
Website: www.qls.com.au

Queensland Coronial Legal Service

Nagbibigay ng libreng pambatas na payo sa mga namatayang miyembro ng pamilya tungkol sa anumang aspeto ng coronial na proseso at mga isyung kaugnay nito.

Telepono: (07) 3214 6333
Website: https://caxton.org.au/how-we-can-help/queensland-coronial-legal-service/

Community Legal Centres Queensland

Hanapin ang pinakamalapit na community legal centre

Telepono: (07) 3392 0092
Website: www.communitylegalqld.org.au/

Ang Aboriginal and Torres Strait Islander Legal Service

Mga serbisyong ligal na sensitibo sa kultura sa mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander sa Queensland.

Telepono: 1800 012 255 (libre ang pagtawag)
Email: coronial@atsils.org.au.
Website: https://atsils.org.au/

Mga kontak at pansuportang serbisyo

Coroners Court of Queensland

GPO Box 1649 Brisbane QLD 4001
Telepono: (07) 3738 7050 (*pangunahing rehistro sa Brisbane*)
Sa labas ng Brisbane: 1300 304 605 (sa bayad ng lokal na tawag)
Email: CoronersCourt@justice.qld.gov.au
Website: www.coronerscourt.qld.gov.au

Queensland Police Coronial Support Unit (CSU)

Nasa parehong lokasyon sa karamihan ng aming mga rehistro, nagsasaayos ang CSU ng mga coronial na proseso at nakikipag-ugnayan sa mga forensic pathologist at mga kawani ng morge.

Telepono: (07) 3292 5901
Email: QPSOfficeStateCoroner@police.qld.gov.au

Forensic Pathology and Coronial Services (FPaCS)

Telepono: 1800 000 377 (libreng tawag)
Email: Forensics@health.qld.gov.au

Coronial Family Services (CFS)

Telepono: (07) 3096 2794
1800 449 171 (libreng tawag)
Email: FSS.Counsellors@health.qld.gov.au

Registry of Births, Deaths and Marriages (RBDM).

PO Box 15188 City East QLD 4002
Telepono: 13 74 68
Email: bdm-mail@justice.qld.gov.au.
Website: www.qld.gov.au/rbdm

Victim Assist Queensland

Nagbibigay ng impormasyon, payo, mga pansuportang serbisyo at pinansyal na tulong sa mga biktima ng krimen.

Telepono: 1300 546 587
Website: https://www.qld.gov.au/law/crime-and-police/victim-assist-queensland

Ang Office of the Health Ombudsman

Ang ahensya na tumatanggap ng mga reklamo/pag-aalala tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan at/o mga tagapagbigay ng serbisyo sa Queensland.

Telepono: 133 646
Website: www.oho.qld.gov.au

Consultative Committee para sa mga pagkamatay at malulubhang insidente na kaugnay sa trabaho

Nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga napinsalang manggagawa at pamilya na naapektuhan ng isang pagkamatay sa lugar ng trabaho.

Telepono: 0417 910 130
Email: OHSConsultativeCommittee@oir.qld.gov.au
Website: www.worksafe.qld.gov.au/about-us/consultative-committee

Queensland Homicide Victim Support Group

Nag-aalok ng 24 na oras / 7 araw na suporta, adbokasya at impormasyon para sa mga taong naapektuhan ng pagpatay ng kapwa (homicide).

Telepono: 1800 774 744
Website: www.qhvsg.org.au/

Compassionate Friends Queensland

Nag-aalok sa mga pamilya ng pakikipagkaibigan at edukasyon sa pamimighati makaraan ang pagkamatay ng bata.

Telepono: 1300 064 068
Email: admin@tcfqld.org.au.
Website: https://tcfa.org.au/qld/

Survivors of Suicide Bereavement Support Association (SOSBSA)

Sumusuporta sa mga namatayan dahil sa pagpapakamatay at mga tao na nanganganib na magpakamatay.

Telepono: 1300 659 467
Website: www.sosbsa.org.au

Standby – Support After Suicide

Sumusuporta sa mga namatayan o naapektuhan ng pagpapakamatay.

Telepono: 1300 727 247
Para sa mga bingi at may kahirapan sa pandinig:
SMS 0428 842 041 (6am-10pm 7 araw)
Website: www.standbysupport.com.au

Suicide Call Back Service

Nagbibigay ng libreng 24 na oras / 7 araw na pagpapayo sa telepono at sa online sa mga taong naapektuhan ng pagpapakamatay.
Telepono: 1300 659 467
Website: www.suicidecallbackservice.org.au/

Roses in the Ocean

Nagbibigay ng Peer CARE Companion warmline – isang call back service kung saan maaari kang makipag-usap sa isang sinanay na volunteer na namatayan din sanhi ng pagpapakamatay.

Telepono: callback service 1800 77 7337
Website: https://rosesintheocean.com.au/

Lifeline Australia

Nagbibigay ng libreng 24 na oras / 7 araw na pang-krisis na suporta sa telepono

Telepono: 13 11 14
Website: www.lifeline.org.au/

Kids Helpline

Nagbibigay ng libre at kumpidensyal na 24 na oras / 7 araw na pagpapayo sa online at sa telepono para sa mga kabataang nasa edad na 5 hanggang 25 taon.

Telepono: 1800 55 1800
Website: www.kidshelpline.com.au/

Mensline

Nagbibigay ng libreng pagpapayo at suporta sa telepono at sa online para sa mga Australyanong kalalakihan.

Telepono: 1300 78 99 78
Website: www.mensline.org.au/

First Nations Family Support Services

13 YARN

Nagbibigay ng libreng 24 na oras /7 araw na matatawagan na ligtas sa pangkulturang suporta para sa mga taong nasosobrahan o nahihirapang kumaya.

Telepono: 13 92 76
Website: www.13yarn.org.au/

Aboriginal and Torres Strait Islander Family Wellbeing Services

Nagbibigay ng libre at kumpidensyal na suporta para sa mga pamilya ng Aborihinal at Torres Strait Islander upang mapabuti ang kagalingang panlipunan, pandamdamin, pisikal at espiritwal, at upang ligtas na mapangalagaan at maprotektahan ng mga pamilya ang kanilang mga anak.

Telepono: 1300 117 095
Website: www.familywellbeingqld.org.au/

Thirrili

Ang Thirrili Indigenous Postvention Response Service ay sumusuporta sa mga komunidad, pamilya, at indibidwal na dumaranas ng trauma makaraan ng pagpapakamatay. Ang kanilang sistema ng ligtas na pangkulturang suporta ay iginagalang ang mga lokal na pangkulturang mga protocol at mga gawi, nagtataguyod ng sariling-pagpapasya sa pangungulila at pagpapagaling. Nagpapatakbo ang Thirrili ng pangsuportang serbisyo sa telepono tungkol sa pagpapakamatay 24 na oras 7 araw sa isang linggo. Telepono: 1800 805 801

Website: https://thirrili.com.au/

Mob Link

Pinatatakbo ng isang mahusay na pangkat ng mga intake officer, nars, doktor, Indigenous outreach worker at social worker, sinusuportahan ng Mob Link ang mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander sa Southeast Queensland upang um-access sa araw-ding iyon ng pangangalaga o suporta para maiugnay sa mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan.

Telepono: 1800 254 354 7am to 8pm, 365 araw
Website: https://www.iuih.org.au/our-services/mob-link/